
Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 VOL. VIII ISSUE NO. 23 JANUARY 05 - 11, 2026 ₱ 15.00

## The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 5

Charismatic Outreach Ministries Foundation, Inc.

**Ilang biktima ng paputok, naputulan ng daliri matapos masabugan – DOH** PAGE 3

# SC INVITES FILIPINOS TO CELEBRATE ITS 125TH ANNIVERSARY THROUGH PHOTO CONTEST

P2




## 'Propaganda stunt' ng China, ibinabala ng WPS advocates kasunod ng pagtulong sa mangingisdang Pinoy noong Pasko

P2



## Alex Eala masayang nakasama na maglalaro sa Macau

BASAHIN SA PAHINA 8

## Beermen pasok na sa semis matapos talunin ang NLEX 101-94

BASAHIN SA PAHINA 8

## Suspek sa pagpatay sa 2 guwardiya sa QC, napagalamang 'walang lisensya bilang security guard

PAHINA 3

## Texans edge Chargers to reach NFL playoffs

BASAHIN SA PAHINA 8

## Tim Cone walang planong palawigin ang Gilas Pilipinas



BASAHIN SA PAHINA 8

## Mental health hotline, nakatanggap ng 451 tawag nitong Christmas season

PAHINA 3

BASAHIN SA PAHINA 3

## Libreng sakay sa LRT-2 at MRT-3, iaalok sa lahat ng mga pasahero sa Rizal Day



## Magkahiwalay na sunog, naitala sa Pasay at Mandaluyong City

P3



## Disiplina na kinakailangan ng Metro Manila kayang ipatupad ni Torre -mambabatas

BASAHIN SA PAHINA 2



## Draymond Green at Steve Kerr nagkasgutan

PAHINA 8



## Spurs , tinalo ang NBA top 1 team na Thunder

PAHINA 8

PAHINA 8 **Mga gold medalists na ultimate frisbee players ng Pilipinas sa SEA Games, handang ituro ang naturang ultimate sport sa kabataan**

# SC Invites Filipinos to Celebrate Its 125th Anniversary Through Photo Contest




**CALLING ALL PHOTOGRAPHERS!**

The Supreme Court (SC) invites professional photographers, hobbyists, and enthusiasts to be part of its 125th Anniversary Photo Contest with the theme "Accessible and Inclusive Justice."

Capture stories of hope, struggle, and resilience – moments that show what justice looks like in everyday Filipino life. Submit entries in Digital or Film categories and get a chance to be featured in the special SC Photo Exhibit, win cash prizes of up to P125,000, and be recognized at the SC awards ceremony.

Photos must be taken from January 1, 2026 onward.

The deadline for submission is March 31, 2026, with the full contest mechanics to be announced soon.

Let your lens tell the story of justice.

The SC will commemorate its 125th anniversary in 2026—a historic milestone in our nation's enduring commitment to justice and the rule of law. **(Courtesy of the SC Office of the Spokesperson)**

# Disiplina na kinakailangan ng Metro Manila kayang ipatupad ni Torre -mambabatas

Naniwala si Ako Bicol party-list Rep. Alfredo Garbin na kayang ipatupad ni dating police general Nicolas Torre ang kinakailngang disiplina sa Metro Manila, lalo na sa mga motorista, bilang bagong general manager ng Metropolitan Manila Developement Authority (MMDA).

Ayon kay Garbin, lubos niyang ikinagagalak ang pagkakatalaga kay Torre bilang bagong taga pamahala ng MMDA dahil naniniwala siya sa kakayahan ng dating chief of police na mapatupad ang disiplina sa mga kalsada ng Metro Manila, sa mga kawani ng MMDA traffic enforcers at mga iba pang mga problema sa lansangan tulad nalamang ng pagkokolekta ng mga basura.

"General Nicolas Torre, as MMDA general manager, is a welcome appointment because he can enforce discipline on the streets of Metro Manila and among the ranks of MMDA traffic enforcers and personnel responsible for flood control and garbage collection,"

Dagdag pa ng kongrisista, ang pagkakatalaga ni Torre sa MMDA ay nangangahulogan na ito ay makikipagtulongan kina Metro Manila Council chairman Mayor Francis Zamora at MMDA chairman Don Artes, isang bagay na ayon kay Garbin ay kinakailagan upang mas mapaganda ang kalidad ng serbisyo publiko na mabibigay sa buong National Capital Region.

# Posibleng pag-aresto kay Gerald Bantag, pinag-iisipang huwag gawin sa Kalinga

Inaalam na ng mga awtoridad kung paano haharapin ang posibleng pag-aresto kay dating Bureau of Corrections (BuCor) chief Gerald Bantag sa Kalinga, kung saan siya umano'y pinoprotektahan ng Kalinga Tribe.

Kinumpirma ni BuCor Director General Gregorio Catapang Jr. na nasa Kalinga si Bantag at tinutulungan siya ng mga miyembro ng kanyang tribo. Subalit, sinabi ni Catapang na may mga panganib na dulot ang pag-aresto sa naturang lugar, kaya't ang mga awtoridad ay nag-iingat upang hindi magdulot ng sigalot sa na naturang tribo.

Ayon kay Catapang, naghahanda ang mga awtoridad ng plano upang arestuhin si Bantag sa mga liblib na lugar upang maiwasan ang anumang posibleng labanan sa komunidad.

Magugunitang si Bantag ay inaakusahan ng pagiging utak sa pagpatay sa broadcaster na si Percy Lapid noong Oktubre 2022. Ayon sa mga imbestigador, si Cristito "Jun" Villamor, isang inmate sa New Bilibid Prison (NBP), ang naging middleman sa krimen. na kalaunan ay natagpuang patay sa loob ng piitan pagkatapos ng insidente.

Dahil dito noong Hunyo, ipinasara ng Las Piñas City Regional Trial Court ang kaso laban kay Bantag dahil sa kakulangan ng progreso, at itinakda lamang ang pagdinig kapag siya ay nahuli o boluntaryong sumuko.



# 'Propaganda stunt' ng China, ibinabala ng WPS advocates kasunod ng pagtulong sa mangingisdang Pinoy noong Pasko

Ito ay kasunod ng pagtulong ng mga personnel ng Chinese Navy warship sa isang mangingisdang Pilipino noong Pasko, Disyembre 25.

Sa isang statement, sinabi ni Atin Ito co-convenor Rafaela David na kanilang kinikilala ang tungkuling tulungan ang mga nasa distress na kalagayan sa dagat, subalit ang ginawa aniya ng China ay hindi isang humanitarian assistance kundi isang pagpapabango ng kanilang imahe.

Aniya, isa itong propaganda-driven assistance na layuning ilihis tayo mula sa ilang taong panghaharass, karahasan at iligal na panghihimasok ng China sa mga katubigang sakop ng Pilipinas.

Binatikos din ni David ang claim ng China na tatlong araw na nawawala ang mangingisdang Pilipino na nilinaw aniya ng Philippine Coast Guard (PCG) na ligtas na nakaangkla sa isang payao habang nag-aantay na ma-retrieve ng kaniyang mother boat.

Kinuwestyon din niya ang pagpapatroliya ng Chinese navy ship sa loob ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas. Aniya, walang anumang gawain ng pagtulong ang maaaring magpahintulot sa panghihimasok at hindi mabubura ng pagpapakita ng kabutihan ang mga gawain ng harassment at karahasan sa ating mga katubigan.




Kaugnay nito, nagbabala rin ang Atin Ito laban sa pagtatangka ng China na linisin ang matagal ng pangaabuso nito sa pamamagitan ng isang "highly publicized incident," kasabay ng pag-alala sa mga insidente ng pambobomba ng mga barko ng China Coast Guard sa mga mangingisdang Pilipino sa Escoda Shoal at pagsasagawa ng mapanganib na maniobra na ikinasugat ng tatlong Pilipino at ikinapinsala ng dalawang bangkang pangisda.

Sa huli, iginiit ng koalisyon na hindi maikakaila ng propaganda-driven assistance ng China ang paglabag sa international law, at hindi ito maabswelto sa patuloy nitong panghihimasok.

# Batuhan ng isyu nina Ridon at Leviste, tuloy pa rin sa usapin ng budget

Nilinaw nina Rep. Leandro Leviste at Rep. Terry Ridon na wala silang nakaraang alitan bago pa man lumabas ang isyu ng budget insertions.

Matatandaang inakusahan ni Leviste si Ridon na may insertions umano ito noong nakaraang taon para sa 2025 budget.

Subalit buwelta ni Ridon, hindi siya miyembro ng Kongreso noong nakalipas na 19th Congress kaya wala siyang paraan para makapaglagay ng budget insertions.

Bandang huli, binago ni Leviste ang kanyang pahayag at sinabing ang may insertion ay ang party-list na kinatawan ni Ridon.

Gayunman, iginiit ng dalawang mambabatas na wala silang personal na conflict kahit bago pa naging kongresista si Ridon.

Samantala, muling binatikos ni Leviste ang sistema ng paglalagay ng allocables sa badyet bilang "reward."

Aniya, tinatawag itong allocables at incentives na awtomatikong ibinibigay sa mga kongresista kahit bago pa magsimula ang deliberasyon sa budget.

Ayon kay Leviste, lumalabas itong parang gantimpala o reward system na nakapaloob sa proseso ng badyet, dahil nakukuha ng bawat kongresista ang nakatakdang halaga taon-taon.

# Kamara, magdaraos ng memorial service para kay yumaong Rep. Acop sa Dec. 29

Magdaraos ng isang memorial service ang House of Representatives para sa pumanaw na mambabatas na si Antipolo City 2nd District Representative Romeo Acop sa Lunes, Disyembre 29.Isasagawa ang memorial service sa Plenary Hall ng Kamara dakong alas-10:00 ng umaga. Bago ito, idaraos muna ang isang Requiem Mass o misa para sa paglilibing dakong alas-9:00 ng umaga.Matatandaan, pumanaw si Cong. Acop gabi ng Sabado, Disyembre 20, matapos atakehin sa puso.

Nagsilbi si Acop bilang vice chairperson ng House Quad Committee na nag-imbestiga sa kontrobersiyal na Philippine Offshore Gaming Operators (POGO) at war on drugs ni dating Pangulong Rodrigo Duterte. Nagsilbi rin si Acop bilang Chief Director ng PNP-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) bago siya tumakbo sa public office.

Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*CHRISTIAN V. MANGAHAS*
Business Manager

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

**PVN POINT VIEWER PUBLISHING** is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

## Pagbibitiw ni Rossana Fajardo bilang ICI Commissioner, bahagi ng 'natural flow of things' – Ombudsman

Tinawag at inilarawan ng Office of the Ombudsman bilang 'natural flow of things' ang kamakailan pagbibitiw ni Independent Commission for Infrastructure Commissioner Rossana Fajardo mula sa kanyang pwesto.Promos

Ito mismo ang naging reaksyon at kumento ng Ombudsman na siyang ibinahagi ng tagapagsalita nito na si Assistant Ombudsman Atty. Mico F. Clavano.

Aniya'y binuo ang naturang komisyon noong nagkakaroon pa lamang ng 'transition' sa pagitan ng dati at bagong Ombudsman.

Layon raw sa paglulunsad nito na matiyak ang kadyat at mapagkakatiwalaang 'fact-finding' at imbestigasyon ukol sa maanomalyang flood control projects.

Kung kaya'y nang maitalaga na si former Department of Justice Sec. Jesus Crispin 'Boying' Remulla bilang bagong Ombudsman, ang Independent Commission for Infrastructure nama'y madaliang nakapagsusumite ng mga referrals.

Naniniwala ang Ombudsman na ang pagiging nasa posisyon sa komisyon ay kalakip ang mataas na 'exposure' lalo na sa mga namumuno nito.

Kung kaya't pagtitiyak anila na pahahalagahan ang mga ginagawang aksyon ng komisyon lalo na pati mga rekomendasyon ibinibigay laban sa mga tiwali at sangkot na mga opisyal sa anomalya.

Basahin ang buong pahayag ni Assistant Ombudsman Atty. Mico F. Clavano,

The Office of the Ombudsman sees this as the natural flow of things. The ICI was established during the transition from one Ombudsman to another to ensure quick and reliable fact-finding and investigation. Now, with a new Ombudsman ready to take on the task, the ICI was quick to relay their referrals for further fact-finding and/or preliminary investigation.

Though, it has always been a concern for the ICI that they do not have immunity from suit – unlike the Ombudsman who is an impeachable officer. Thus, the exposure is high especially for those who head the commission. In that context, it was quite noble for private individuals to even take on such a daunting task so significant in our country's history.

Thus, we value the work of the ICI and put plenty of weight on their recommendations. Whether this signals the end or a transition phase of the ICI, the Office of the Ombudsman will remain steady in its pursuit of credible and hard evidence, quality cases, and real accountability.

It is only a matter of time before we see more cases filed in court – many upon the recommendation of the ICI.

## Ilang biktima ng paputok, naputulan ng daliri matapos masabugan – DOH

Iniulat ng Department of Health (DOH) na ilan sa mga biktima ng paputok ang nagtamo ng paso at naputulan ng daliri matapos masabugan sa magkahiwalay na insidente.

Ayon sa ahensiya, isang waling taong gulang na bata ang nalagasan ng hintuturo at hinlalaki nang masabugan ng whistle bomb habang ang isang biktima naman na 16 anyos na bata ay naputulan din ng dalawang daliri matapos masabugan naman ng 5-star.

Base sa huling datos ng DOH, nagtamo aniya ng iba't ibang sugat at paso sa magkakaibang parte ng katawan ang lahat ng 57 naitalang biktima ng paputok mula Disyembre 21 hanggang Disyembre 26 ng kasalukuyang taon.

Bagamat mas mababa ito ng 49% kumpara sa 112 na kasong naitala sa parehong panahon noong 2024, muling nagpaalala ang DOH sa peligrong dulot ng mga paputok, ito man ay iligal o legal.

Paalala rin ng ahensiya na agad dalhin sa ospital kung may aksidente dulot ng paputok at maaaring tumawag sa National Emergency hotline 911 para sa emergency medical assistance.

## Magkahiwalay na sunog, naitala sa Pasay at Mandaluyong City

Nanganganib ngayong magbabagong taon ang bawat pamilya sa residential area sa Barangay Addition Hills, Mandaluyong City, matapos sumiklab ang isang sunog nitong Sabado ng gabi, Disyembre 27, ayon sa Bureau of Fire Protection – National Capital Region (BFP-NCR).

Nagsimula ang sunog bandang ala-6:26 ng gabi, at agad itinaas ang ikalawang alarma pagkalipas ng 7 minuto. Pagdating ng 7:14 p.m., itinaas ang ikatlong alarma dahil sa patuloy na paglawak ng apoy.

Ayon sa BFP, nasa 17 BFP fire trucks at 42 fire trucks mula sa volunteers ang rumesponde sa sunog bago ideklarang fire out bandang alas-9:04 ng gabi.

Aabot naman sa 100 pamilya o 600 indibidwal ang apektado habang tinatayang P375,000 ang iniwang pinsala ng sunog.

Tatlo ang naiulat na sugatan, dalawang babaeng residente at isang lalaking fire volunteer.

Sa paunang impormasyon, may matandang lalaki ang nawawala, na kalaunan ay nakaligtas ayon sa BFP.



Inaalam pa ang naging sanhi ng sunog.

Samantala isa ring sunog ang naitala sa Barangay 130, Pasay City, nitong Sabado ng hapon.

Ayon sa inilabas na situational report ng BFP-NCR nagsimula ang sunog bandang alas-2:00 ng hapon at mabilis na itinaas ang unang alarma pagkalipas ng 14 minuto.

Idineklarang fire out ang sunog sa dakong alas-4:20 ng hapon.

Tatlong katao naman ang iniulat na nasugatan sa insidente, ngunit wala pang ibang detalye ang ibinibigay ng mga awtoridad hangang sa mga oras na ito.

## Libreng sakay sa LRT-2 at MRT-3, iaalok sa lahat ng mga pasahero sa Rizal Day

Mag-aalok ng libreng sakay ang pamunuan ng Light Rail Transit Line – 2 (LRT-2) at Metro Rail Transit Line -3 (MRT-3) sa lahat ng mga pasahero sa partikular na mga oras sa araw ng Martes, Disyembre 30 kasabay ng paggunita ng Rizal Day.

Sa anunsiyo ng pamunuan ng dalawang rain transits ngayong Sabado, epektibo ang libreng sakay mula alas-7:00 ng umaga hanggang alas-9:00 ng umaga at mula alas-5:00 ng hapon hanggang alas-7:00 ng gabi.

Una nang idineklara ng Palasyo Malacañang bilang regular holiday ang Disyembre 30 bilang pag-alala sa anibersaryo ng kamatayan ng ating magiting na pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal.

## PNP-HPG, walang naitalang carnapping cases sa kabuuan ng Christmas rush

Walang naitalang mga kaso ng carnapping ang Philippine National Police – Highway Patrol Group (PNP-HPG) sa kabuuan ng Christmas rush.

Ang carnapping at motornapping ang dalawa sa mga pangunahing binabantayan ng naturang police unit, lalo na sa panahon ng holiday, dahil sa posibleng pananamantala ng mga carnapper sa sitwasyon sa mga lansangan.

Sa panayam sinabi ni PNP-HPG Spokesperson PLt. Dame Malang na naging matagumpay ang pagbabantay ng pulisya sa mga lansangan sa kabuuan ng Pasko, maliban lamang sa mga nangyaring aksidente.

Ilan sa mga madugong road crash at vehicular accident, batay sa report ng mga provincial at regional office ng naturang unit, ay ang nangyari sa Bicol Region kung saan ilang katao ang nasawi; at ang iba ay nangyari dito sa Metro Manila.

Naniniwala ang HPG na ang sapat na deployment ng mga pulis sa iba't-ibang bahagi ng bansa ay nakatulong ng malaki upang mapigilang mangyari ang mga carnapping at motornapping incident.

Ayon pa kay Lt. Malang, posibleng natakot ang mga carnapper na magsagawa ng anumang operasyon kapag nakikita nilang nakadeploy ang mga pulis sa halos lahat ng bahagi ng bansa, lalo na sa mga pangunahing lansangan.

Magpapatuloy ang deployment ng HPG hanggang sa matapos ang holiday rush sa unang lingo ng Enero 2026.

## Suspek sa pagpatay sa 2 guwardiya sa QC, napagalamang 'walang lisensya bilang security guard

Inulat ng mga awtoridad na walang lisensya bilang security guard ang umano'y suspek na pumatay sa dalawa nitong katrabaho sa Quezon City.

Ayon sa Philippine National Police-Supervisory Office for Security and Investigation Agencies (PNP-SOSIA), wala si Charren Caboverde ng anumang record ng License to Exercise Security Profession, na isang kinakailangang dokumento para sa lahat ng security guard.

Nag-utos na rin ang PNP-SOSIA sa Regional Civil Security Unit ng Metro Manila na magsagawa ng parallel motu proprio investigation upang alamin ang kapabayaan ng kasangkot na private security personnel at ang security provider na pinagtatrabahuhan ni Caboverde.

Kung mapatunayang mayroong matinding kapabayaan, maaaring suspendihin o i-revoke ang lisensya ng security agency na tumanggap kay Caboverde.

Maalalang si Caboverde, 24, ay inaresto matapos niyang barilin at patayin sina Renato Santiago Mallo, 41, at Mark John Baguinio, 28, sa isang Car Dealership sa Commonwealth Ave., Barangay North Fairview noong Disyembre 24.



**Nagsimula nang gawin ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na i-digitize ang kanilang mga system at programa bilang paghahanda para sa 2026, kabilang na ang Automated Crisis Intervention Management System.**

## Opisyal na listahan ng otorisadong firecracker at fireworks zone sa Central Luzon, inilabas ng PRO-3

Naglabas ang Police Regional Office-3 ng opisyal na listahan ng otorisadong firecracker at fireworks display zone sa Central Luzon.

Ito ay bilang parte ng pinaigting pang hakbang para maiwasan ang pinsala dulot ng mga paputok sa kasagsagan ng holiday season.

Natukoy ang kabuuang 196 na awtorisadong community firecracker zones sa rehiyon kung saan 13 dito ay sa Aurora, 5 sa Bataan, 73 sa Bulacan, 28 sa Nueva Ecija, 24 sa Pampanga, 14 sa Tarlac at 39 sa Zambales.

Habang sa fireworks display zones naman ay itinalaga sa mga nabanggit na probinsiya kabilang na sa may Angeles City sa Pampanga.

Samantala, mariing ibinabala naman ni Central Luzon Police chief Brig. Gen. Ponce Rogelio Peñones Jr. ang paggamit, pagbebenta at pamamahagi ng iligal na mga paputok, at iginiit na mahigpit na ipapatupad ang mga umiiral na batas at regulasyon para matiyak ang kaligtasan ng publiko at walang maitalang injuries sa kabuuan ng selebrasyon ng Bagong Taon.

## DSWD, inumpisahan nang gawing digital ang mga programa nito sa 2026

Napagalaman na ang bagong system ay magbibigay daan sa real-time monitoring ng mga kliyente, na makakatulong upang maiwasan ang double beneficiaries at mapadali ang pagsubaybay kung nakatanggap na ba ng tulong ang isang kliyente mula sa iba't ibang DSWD offices

Ayon kay DSWD Spokesperson Assistant Secretary Irene Dumlao, ang digitalization ay magpapabuti sa monitoring at distribusyon ng tulong pinansyal.

Ilan sa mga pagbabago ay ang paggamit ng e-wallets para sa distribusyon ng tulong pinansyal, kung saan hindi kailangan ang physical payout sites, na kadalasang nagiging sanhi ng mahabang pila at impluwensya sa politika.

Bukod dito magsasagawa din ang DSWD ng online interviews para sa mga hihingi ng tulong, na papalit sa mga physical assessments.

Nabatid na ang hakbang ay upang maging mabilis at accessible ang proseso para sa mga mamamayan.

## Mental health hotline, nakatanggap ng 451 tawag nitong Christmas season

Iniulat ng Department of Health (DOH) na nakatanggap ang National Center for Mental Health (NCMH) crisis hotline ng 451 tawag na karaniwan ay humihingi ng tulong kaugnay ng anxiety at depression.

Ayon kay DOH Assistant Secretary Albert Domingo, karamihan sa mga tumawag ay mga kabataan na may edad 18 hanggang 30, at mas marami sa mga ito ay mga kababaihan.

Itinuturing na isang mahirap na panahon ang Kapaskuhan para sa mga may pinagdadaanan, dahil ang emosyonal na pagkabalisa ay kadalasang tumataas sa panahong ito, na nagdudulot ng kalungkutan, pangungulila, at pakiramdam ng pag-iisa sa kabila ng masayang okasyon.

Marami sa mga tumawag ang nag-sabing may problema sa relasyon, pamilya, at pakiramdam ng kalungkutan. Mula nang magsimula ang NCMH wellness and crisis hotline noong 2019, nakatanggap na ito ng higit sa 115,000 tawag, kabilang ang mahigit 36,000 na may kaugnayan sa mga kaso ng pagpapakamatay, karamihan mula sa Metro Manila, Calabarzon, at Central Luzon.

Ayon sa NCMH, simula noong Enero hanggang Setyembre 2025, naitala ng hotline ang 7,189 tawag na may kinalaman sa pagpapakamatay, kung saan ang pinakamataas na bilang ay naitala noong Hunyo, Agosto, at Setyembre.

Hinimok ng DOH ang publiko na maging maalam sa mga senyales ng mental health struggles at pinaalalahanan ang mga nasa krisis na humingi ng agarang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa NCMH hotline 1553 o pag-contact sa kanilang opisyal na Facebook page upang magpa-appointment.

# Heroes awards, inilunsad ng DepEd

Ayon kay Secretary Angara, ang kanilang dedikasyon ay nagbunga ng "ripple effect" sa mga pampublikong paaralan at komunidad sa buong bansa.

"With every story we honor, we hope more acts of kindness and dedication will follow. The ripple effects of these heroes will continue into the new year, touching even more lives and communities," ani Angara.

7 guro: Grace Bohol, Marivic Villacampa, Elmer Sugarol, Lorlita Lubao, Ma. Lourdes Rola, Mary Jane Reodica, at Erik Jims Bongon, na nagpakita ng natatanging dedikasyon sa edukasyon.

6 "young heroes": Mark Borila, Marco Alegro, Jared Allicaya, John Vincent Teñido, Christian Jay Maglasang (Davao del Norte Regional Sports Academy), at Jayboy Magdadaro (Jubay Integrated School, Cebu), na nagpakita ng tapang sa pagliligtas ng kanilang mga kaklase sa gitna ng lindol at bagyo.

3 parent volunteers: Dea Solayao, lawyer Blake Feken, at Master Mariner Capt. Edcel Viraque, dahil sa kanilang suporta sa storytelling programs at pro bono legal services upang makakuha ng land titles para sa mga pampublikong paaralan, at sa pagtatayo ng mga pasilidad gaya ng silid-aralan.

Ayon sa ulat, ilan sa mga pinarangalan ay bumabyahe ng ilang oras sa maputik o bahaing lugar upang makapagturo.Ang iba naman ay patuloy na nagtuturo kahit sumasailalim sa chemotherapy, at mayroon ding sumusuong sa lindol at bagyo upang matiyak na hindi maaantala ang pag-aaral ng mga estudyante.



**Pinangunahan ni Department of Education (DepEd) Secretary Sonny Angara ang DepEd Heroes Awards nitong Biyernes, Disyembre 26, kung saan kinilala ang iba't ibang indibidwaL, pitong guro, anim na mag-aaral, at tatlong pribadong mamamayan.**



## 1 patay dahil sa indiscriminate firing noong kasagsagan ng Pasko

Inihayag ng Philippine National Police (PNP) nitong Biyernes na isang tao ang nasawi dahil sa indiscriminate firing ngayong holiday season

Ayon kay PNP Public Information Office Chief P/BGen. Randulf Tuaño, nangyari ang insidente bandang hatinggabi ng araw ng Pasko sa Tondo, Manila.

Napagalaman na lasing ang suspek nang magpaputok ito ng baril.

Kasalukuyan nang hinahanap ng mga awtoridad ang naturang suspek.

Bukod dito, naaresto rin ng PNP ang pitong indibidwal sa buong bansa kaugnay ng indiscriminate firing, kung saan apat dito ay mga pulis.

## Mga sundalong nakadeploy sa WPS, sama-samang nagsagawa ng Christmas celebration

Sama-sama ring nagsagawa ng Christmas celebration ang mga sundalong nakadeploy sa West Philippine Sea (WPS), ang karagatan ng Pilipinas sa western Luzon na pilit inaangkin ng China.

Ayon sa Armed Forces of the Philippines (AFP), matagumpay na isinagawa ng hukbo ang serye ng 'critical sustainment mission' kung saan dinala ang mga Noche Buena package at iba pang essential supplies sa mga sundalo.Kabilang sa mga binigyan ng supplies ang mga sundalong naka-istasyon sa BRP Sierra Madre (LS-57) sa Ayungin Shoal, at mga naka-istasyon sa Pag-asa Island, Panata Island, Rizal Reef Station, Kota Island, Parola, Lawak, Likas, at Patag Island, pawang mga mahahalagang maritime features na binabantayan ng AFP.Ayon sa hukbo, ang ginawang misyon ay nagpapakita ng pagmamahal at pagkalinga ng pamahalaan sa mga sundalong nagsasakripisyo para mabantayan ang teritoryo ng bansa.

Ang ibinigay na supplies, ayon sa hukbo, ay hindi lamang isang logistical support, kungdi isang mahalagang 'piraso' na nagpapa-alala sa kanilang tahanan.Ito rin ay pagpapaalala sa mga sundalo na ang kanilang sakripisyo ay nakikita at pinapahalagahan ng gobiyerno.Pinangunahan ni Western Command (WESCOM) Commander Vice Admiral Alfonso F Torres Jr ang delivery, at pagiikot sa mga mahahalagang maritime fature.Kasabay nito ay nagsagawa rin ng ilang 'boodle fight' ang mga sundalo, bilang pagpapatibay sa kanilang samahan. Isa sa mga ito ay isinagawa sa loob ng BRP Sierra Madre, ang nagsisilbing outpost ng Philippine Navy sa WPS.

## CICC, layon mas mapalawak sa 2026 ang 'Threat Monitoring Center' kontra online harms

Inilatag ng Cybercrime Investigation and Coordinating Center ang mga plano at programa nitong nais maipatupad sa susunod na taong 2026.

Sa isang panayam, ibinahagi mismo ni Undersecretary Renato 'Aboy' Paraiso, executive director ng naturang ahensya, na layon anila mas paigtingan pa ang mga nailunsad ngayong 2025.

Isa na aniya rito ang 'Threat Monitoring Center' na unang plano'y para sa ginanap na 'National and Local Elections' o ang midterms eleksyon noong buwan na Mayo.

Ito kasi'y ipinagpatuloy at ginawang 'operational' buong taon imbes na para sa naturang eleksyon lamang.

Subalit aminado ang naturang opisyal na kulang pa rin sila sa 'man power' na tatao sa threat monitoring center kung kaya't plano at nais aniya nila itong mas mapalawig.

Positibo naman niyang ibinahagi na hindi lamang sa kanila ang inisyatibo kundi patuloy silang nakikipag-ugnayan maging sa iba't ibang mga ahensya ng gobyerno at pati pribadong sektor.

Halimbawa na lamang aniya ay ang Department of Migrant Workers na mas makapagbibigay daan ang naturang center para matutukan lalo ang talamak na illegal recruitment pa-abroad.

Habang kanya pang inilahad din ang iba't ibang mga online harms at threats na kinakaharap at nambibiktima sa publiko.

Kabilang na rito ang pagkalat ng mga DeepFake, Articial Intelligence o Ai, IMSI Catcher o International Mobile Subscriber Identity Catcher at iba pa.

Buhat nito'y pahayag pa ng naturang opisyal na mahalagang mapangalagaan ang tiwalang ibinibigay sa ahensya.

Importante aniya na tiwala lalo na ang publiko upang mas maging bukas ito na magsumbong na syang nagbibigay daan para mas mapagbuti ang online threats monitoring.

## Quiapo Church, muling magsasagawa ng 'Thanksgiving Procession' bago matapos ang taon

Hinimok ang mga deboto ng Poong Hesus Nazareno na makiisa sa darating na ika-30 ng Disyembre para sa paghahanda ng naturang prusisyon.

Madaling araw kasi ng ika-31 ng Disyembre isasagawa ang 'Thanksgiving Procession' sa lugar ng Quiapo, lungsod ng Maynila.

Inaasahang dadaluhan ito ng libu-libong mga deboto katulad ng mga nakaraang taon na nakiisa sa naturang gawain.

Inanyayahan ang mga mananampalataya na sama-samang manalangin at magpasalamat sa Panginoon sa buong taon grasya at awang ipinagkaloob.

Batay sa impormasyon ng pamunuan ng simbahan, magkakaroon muna ng 'assembly' sa Dec. 30 at magsisimula ng bandang madaling araw ng ika-31 ng buwan bisperas ng bagong taon.

Habang ngayong araw naman, huling Biyernes ng 2025, dumagsa ang mga deboto o mananampalataya sa simbahan ng Quiapo.

Sa isinagawang pagdiriwang ng banal na misa, hinimok ni Rev. Fr. Jonathan Noel Mojica ang mga dumalo na isabuhay ang tunay na diwa ng Pasko.

Aniya'y hindi lamang dapat sa mismong araw ng Pasko, Biyernes o tuwing Linggo ang pagiging Kristyano kundi dapat makita sa pang-araw araw.

Habang bahagi sa homiliya ni Most Rev. Teodoro Bacani, Jr., D.D, Bishop Emeritus ng Novaliches, kanyang inanyayahan ang mga mananampalataya na magmahal tulad ng Diyos.

Maging mapagpatawad at pagbibigay sarili sa Panginoon bilang mga tagasunod at mananampalatayang Kristiyano.

Ang nabanggit na Thanksgiving Procession ang siyang hudyat sa pagsisimula ng selebrasyon sa simbahan ng Quiapo sa gaganaping Traslacion o Nazareno 2025.



## 2 sunog, naganap sa Butuan City sa mismong araw ng Pasko

Dalawang sunog ang naganap dito sa lungsod ng Butuan kahapon sa mismong araw ng Pasko kungsaan dakong alas-11 ng umaga limang kabahayan ang natupok ng apoy sa Purok 5, Brgy Baan Riverside na naka-apekto sa 12 mga pamilya o 49 na mga indibidwal.Ayon kay acting City Fire Marshal, Fire Senior Inspector Ronald Vasquez, base sa inisyal nilang imbestigasyon, nagsimula ang apoy sa bahay ni Rolly Sanchez hanggang sa kumalat na sa bahay ng kanila ring mga ka-anak.

Samantala dakong alas-7:45 naman kagabi ay umabot sa mahigit dalawampung kabahayan naman ang natupok ng apoy sa 3-A, Barangay Holy Redeemer na nagdulot ng malaking pinsala sa mga ari-arian at matinding kalungkutan sa 33 mga apektadong pamilya o 120 na mga indibidwal lalo na't nangyari ito sa mismong araw ng Pasko.Naganap ang insidente sa tapat ng fish landing area, at agad itong nirespondihan ng mga tauhan ng City Disaster Risk Reduction and Management Department o CDRRMD ALIMAT at ng Butuan City Central Fire Station-Patuloy pang inalam ng Butuan City Central Fire Station ang kabuuang danyos ng dalawang sunog.



**Muling magsasagawa ng 'Thanksgiving Procession' ang Minor Basilica and National Shrine of Jesus Nazareno o kilala bilang simbahan ng Quiapo bago matapos ang taong kasalukuyan.**

## PhilHealth, ibinidang sapat ang mga accredited hospitals para pagsilbihin ang miyembro nito

Ibinida ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth), na sapat na ang network ng mga accredited hospitals at health facilities nito para pagsilbihan ang mga miyembro nito sa buong bansa.

Sinabi ni PhilHealth spokesperson Dr. Israel Francis Pargas na halos 98% ng mga ospital sa bansa ay accredited na, habang ang natitirang 2% ay hindi lisensyado o nagsara na.

Kasalukuyan ding ina-accredit ng PhilHealth ang humigit-kumulang 10,000 health facilities, kabilang ang mga ospital, clinics, surgical centers, birthing facilities, HIV laboratories, at animal bite treatment centers.

Dagdag pa ni Pargas, plano ng PhilHealth na palakasin at palawakin ang benefit packages nito, na dumadaan sa financial at actuarial studies upang matiyak ang sustainability.

Matatandaan na iniutos ng Supreme Court ang pagbabalik ng P60 billion ng PhilHealth funds na nailipat sa National Treasury, at sinabi ng mataas na hukuman na dapat gamitin ang pondo alinsunod sa Universal Health Care Act, kabilang ang pagpapalawak ng mga benepisyo ng miyembro nito.



## PNP, nagbabala sa mga nagbebenta ng ilegal na paputok na mananagot kasunod ng pagsabog ng pabrika sa Dagupan City

Nagbabala ang Philippine National Police (PNP) kaugnay sa panganib ng mga ilegal na pabrika ng paputok matapos ang isang pagsabog sa Dagupan City na ikinasawi ng dalawang katao.

Ayon kay acting PNP chief Lt. Gen. Jose Melencio C. Nartatez, Jr., hindi na ito bago, kaya't mahalaga ang kooperasyon ng komunidad sa pagpapanatili ng kaligtasan.

Nabatid na ang pabrika ng paputok sa Sitio Boquig, Barangay Bacayao Norte ay walang mga kaukulang permit.

Ipinag-utos naman ng PNP ang isang imbestigasyon upang matukoy ang mga may pananagutan at matiyak na mahaharap sa kaso ang mga nasa likod ng ilegal na operasyon.Nagbigay din ng babala ang PNP chief sa mga patuloy na nagpapatakbo at nagbebenta ng ilegal na paputok na mahaharap sila sa parusa kapag nahuli nila ito.

Hinimok din ni Nartatez ang mga mamamayan na makipagtulungan upang matigil ang ganitong mga mapanganib na gawain at mapanatili ang kaligtasan ng bawat pamilya at komunidad.



## PRO-6, sinira ang higit sa 7-K ilegal na paputok sa Western Visayas

